# Balitang Manmin

BILANG 203 MAYO 20, 2018


# Naka-ukit sa Puso ang Pag-ibig na Ipinakita ng Panginoon sa Krus!

## 'Ang Krus ng Panginoon' Itinanghal sa Pasko ng Pagkabuhay 2018



Noong Marso 31, 2018, sa pangalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, inihatid ng Komite ng Sining ang pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay. Ang titulo nito ay "The Cross of the Lord" (Ang Krus ng Panginoon). Ginawa ito sa isang espesyal na entablado sa pinakamalaking santuwaryo.

Dinaluhan ang pagtatanghal ng maraming pastor at mananampalataya mula sa ibang bansa tulad ng Russia, Kenya, France, Estados Unidos, at Singapore. Ipinalabas ito sa GCN (www.gcntv.org) at sa internet. Malinaw na naipakita dito ang ministeryo, pagpako sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit ni Jesus.

Malugod na gumanap, kumanta, at sumayaw ang Heavenly Voice Chorus, Heavenly Dance Team, Sound of Light Chorus, Crystal Singers, Glory Worship Dance Team, Power Chorus, at Harmony Chorus ng Performing Arts Committee, at iba pang miyembro ng iglesya. Tumugtog naman ang United Praise Team, United Music Band, Nissi Orchestra, at Immanuel Choir. Tumulong ang mga miyembro ng church sa pagbuo ng mga sayaw, pagtayo at pagsasaayos ng entablado, mga kasuotang ginamit, props, make-up, at marami pang ibang gawain ng staff. Mahigit 300 tao ang nagtulong-tulong para mabuo ang buong pagtatanghal.

Ang unang bahagi ng pagtatanghal ay pinamagatang "The Cross of the Lord". Nagsimula ito sa pagpapakita ng batang Jesus na naghintay ng tamang panahon sa pagtupad ng kalooban ng Diyos para sa kaligtasan, nananalangin Siya habang naghihintay. Sinundan ito ng mga tagpo tungkol sa mga taong naghintay sa Mesyas; sa pag-ibig ng Panginoon; sa panalangin Niya; sa ministeryo Niya; huling hapunan; at ang daan patungo sa pagpako sa krus.


Pangalawang bahagi, "The Resurrection of the Lord," inilalarawan nito ang kamatayan ni Judas Iscariote; mga nagmamahal sa Panginoon pagkatapos ipako sa krus; at muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit ng Panginoon.

Namumukod-tangi ang mga pagtatanghal ng iglesya dahil ang ginamit na musika dito ay mga awiting ibinigay ng Diyos, humahaplos ito sa puso ng mga miyembro. Para sa pagtatanghal sa taong ito, nagbigay ang Diyos ng anim na bagong mga awitin: *No One Could Know; The Disciples; The Cross; Afterwards, Judas Iscariot; He Has Risen; at Afterwards, The Disciples*. Nadama ng mga miyembro ang walang hanggang pag-ibig ng Panginoon sa mga salita at tono ng mga awitin. Napuno sila ng pagpapasalamat, pagpapala ng kaligtasan, kagalakan sa muling pagkabuhay, at pag-asang makararating sa langit.

Noong Abril 1, inihatid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga ang mensaheng "The Resurrection of the Lord" (Ang Muling Pagkabuhay ng Panginoon), base sa 1 Mga Taga-Corinto 15:41-44. Ipinaliwanag niya ang mga aral na dapat nating matutuhan sa muling pagkabuhay ng Panginoon: tulad ng mayroong buhay na walang hanggan, dapat magbunga ang katapatan natin sa Panginoon, lahat ng paghihirap natin para sa Panginoon ay magbibigay sa atin ng kaluwalhatian. Sa pagsamba sa Linggo ng Gabi. Nagkaroon ng Banal na Komunyon. Tumatak sa puso ng mga miyembro ang sakripisyo at pag-ibig ng Panginoon.


Dr. Jaerock Lee

Ang Mensahe ng Krus




*Ang Mensahe ng Krus*

Ang Mensahe ng Krus ay isang makapangyarihan at makabagbag-pusong mensahe na gumising sa hindi mabilang na kaluluwa sa iba't ibang bahagi ng mundo mula sa kanilang espirituwal na pagtulog at nagpatikim sa kanila ng tunay na buhay kay Cristo!

Makikita mo dito sa Ang Mensahe ng Krus ang kasiya-siyang espirituwal na mga kasagutan sa mga mahalagang katanungan ng lahat ng tao – Cristiano man o hindi – na hindi pa nakakatanggap ng ganap at tamang mga paliwanag.

URIM BOOKS



Senior Pastor Dr. Jaerock Lee

# Higit Pa sa Mundo ang Nararapat sa mga Taong Tulad Nila (1)

"Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y lumupig ng mga kaharian, naglapat ng katarungan, nagtamo ng mga pangako, nagpatikom ng mga bibig ng mga leon, pumatay ng bisa ng apoy, tumakas sa mga talim ng tabak, lumakas mula sa kahinaan, naging makapangyarihan sa digmaan, nagpa-urong ng mga hukbong dayuhan. … Sila'y nagpalaboy-laboy sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa" (Sa Mga Hebreo 11:33-38).

Ang ika-11 kabanata ng Sa Mga Hebreo ay tinatawag na 'Kabanata ng Pananampalataya'. Inilalarawan dito ang mga ama ng pananampalataya na kinalugdan ng Diyos. Dahil sa pagmamahal nila sa Diyos hindi sila natakot mamatay. Kaya nilang isuko ang lahat ng bagay para sa Diyos at matapang nilang ipinakita ang katuwirang may pananampalataya na higit pa sa nararapat dito sa mundo.

Pag-aralan natin ang tungkol sa mga ama ng pananampalataya sa Lumang Tipan. Binigyang lugod nila ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalatayang higit pa sa sinuman dito sa mundo.

### 1. Itinataboy ng perpektong pag-ibig ang takot

Hindi ikinaila ng Unang Iglesya si Jesu-Cristo, hindi rin nila tinalikuran ang Diyos kahit kainin sila ng mga gutom na leon o pugutan ng ulo bilang matinding pag-uusig. Paano nila nagawa ito?

Ito ay sapagkat perpekto ang pagmamahal nila sa Diyos, mababasa sa 1 Juan 4:18, "Walang takot sa pag-ibig; kundi ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot, sapagkat ang takot ay may kaparusahan at ang natatakot ay hindi pa nagiging sakdal sa pag-ibig."

Noong panahon ng Lumang Tipan, si Job ay inosente at matuwid sa paningin ng Diyos. Tinawag siyang 'taong matuwid'. Pero may takot at pagkabalisa sa puso niya (Job 3:25). Naging matapang lang siya at tumanggap ng dobleng pagpapala nang matanto niya ng lubos ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapakabanal.

Ano ang dapat nating gawin para tumapang, walang katakutan at mayroong pag-ibig para sa Diyos? Sundin natin ang Salita ng Diyos na nagsasabing gawin natin, huwag nating gawin, iwaksi, at ingatan ang mga bagay. Dapat may tunay na pag-ibig para sa Diyos, at habang nagiging perpekto ito, mawawala ang takot, magiging matapang tayo sa pagpapakabanal (1 Juan 5:3; 3:21-22).

### 2. Ang mga Ama ng Pananampalataya na hindi nababagay dito sa mundo

#### 1) Nagpabagsak si Elias ng apoy.

Pinabagsak ni Elias na isang propeta mula sa hilagang Kaharian ng Israel ang apoy mula sa langit sa isang mainit na paghaharap laban sa 850 mga bulaang propeta ni Baal at Asherah (1 Mga Hari 18). Matapang siya sa pagpapakita ng kabanalan. Mayroon siyang mainit na hangaring maibalik sa Diyos ang damdamin ng mga Israelita dahil sumasamba na sila sa mga diyus-diyosan. Hindi siya natakot kahit nag-iisa siyang lumalaban sa napakaraming tao. Malaki ang paniniwala niya na ang Diyos ang tanging tunay na Diyos, mainit ang pagmamahal niya dito. Walang imposible kung mahal ninyo ang Diyos at ang Panginoon tulad ni Elias.

#### 2) Hindi natakot si Eliseo kahit nakita ng lingkod niya ang tunay na situwasyon.

Si Eliseo ay disipulo ni Elias, tumanggap siya ng dobleng bahagi ng espiritu ni Elias. Maraming beses niyang binigo ang pagtatagumpay ng mga stratehiya ng Aram, kalabang bansa ng Israel. Dahil dito, nagplano ang hari ng Aram na patayin si Eliseo. Nagpadala siya doon ng mga kabayo at karwaheng apoy, at malaking hukbo, pagdating ng gabi, pinalibutan nila ang lunsod. Natakot ang lingkod.

Pero sinabi ni Eliseo sa lingkod na huwag matakot dahil ang mga kasama nila ay higit pa sa mga mga nagmula sa Aram. Binuksan ng Diyos ang mga mata ng lingkod, nakita niya ang bundok na puno ng mga kabayo at mga karwaheng apoy na nakapaligid kay Eliseo. Sa huli, tinalo ng Israel ang Aram. Hindi na muling sinalakay ng Aram ang Israel (2 Mga Hari 6).

Nakikita ng mga may tunay na pananampalataya ang makapangyarihang Diyos kaya hindi sila natatakot kahit napapaligiran sila ng kahirapan. Nagtitiwala sila sa Diyos na sumasagot sa mga panalangin nila, kaya malakas ang loob nilang humingi ng kalutasan ng mga problema nila. Hinihiling nila ang kapangyarihan ng Diyos sa pananalanging may pananampalataya.

#### 3) Iniligtas ni Esther ang mga kababayan niya.

Sa ika-3 kabanata ng aklat ng Esther, mababasa natin na minahal ni Haring Ahasuerus si Haman. Pero nais lipulin ni Haman ang lahat ng Judio na naninirahan sa buong kaharian ni Ahasuerus. Pinakiusapan ni Mordecai si Esther, ang reynang Judio ng bansa para hilingin sa hari na iligtas ang mga kababayan nila.

Nang malaman ni Esther ang tungkol dito, nag-ayuno siya ng tatlong araw para sa mga kababayan niya bago siya humarap sa hari. May paninindigan siya at sinabing, "At kung ako'y mamamatay, ay mamamatay." Sa tulong ng Diyos, sinabi niya ang tungkol sa plano ni Haman, iniligtas niya ang mga kababayan niya, at mas minahal siya ng hari.

Kahit tungkol sa buhay at kamatayan, umasa lang siya ng lubos sa Diyos na lumulutas ng mga problema. Nalugod ang Diyos sa ginawa niya kaya kumilos Siya para sa kabutihan ng lahat. Ginawa Niyang tagumpay ang kasawian, kumilos Siya para maipahayag ang kaluwalhatian Niya.

#### 4) Hindi pumayag si Daniel sa gustong mangyari ng hari kahit may banta sa buhay niya.

Nais bigyan ng mataas na posisyon ni Haring Darius ng Babilonia si Daniel sa buong kaharian kahit mula ito sa kaharian ng Judah kung saan naglingkod siya sa Diyos. Nainggit sa kanya ang ibang matataas na opisyal at mga satrap, gumawa sila ng masamang plano: sinabi nila sa hari na maging mahigpit sa sinumang sumasamba at nananalangin sa kahit na sinong diyos o tao maliban sa hari, itatapon sa yungib ng mga leon ang gumagawa nito.

Pero ang pagmamahal ni Daniel sa Diyos ay totoo at perpekto, nanalangin pa rin siya sa Diyos, hindi siya natakot mamatay. Kaya itinapon siya sa yungib ng mga leon, pero nagpadala ang Diyos ng anghel Niya at itinikom ang bibig ng mga leon. Prinotektahan siya ng Diyos at ni hindi siya nasaktan (Daniel 6). Kahit may banta ang buhay niya, naging matatag siya sa harapan ng Diyos. Dahil dito, naipapahayag niya ang kaluwalhatian ng Diyos.

#### 5) Nanatili ang pananampalataya ng tatlong kaibigan ni Daniel na sina Shadrac, Meshac, at Abednego.

Gumawa ng imaheng ginto ang hari ng Babilonia na si Nebukadnezar, at ipinag-utos niya na sinumang hindi magpapatirapa at sasamba sa harapan ng gintong imahe ay ihahagis sa hurno ng naglalagablab na apoy (Daniel 3). Hindi lumabag sa utos ng Diyos na huwag sumamba sa mga diyus-diyosan ang tatlong kabigan ni Daniel. Hindi sila sumamba sa imahe kaya dinakip sila at dinala sa hari. Binigyan sila ng hari ng isang pang pagkakataon, Sinabi nitong ililigtas sila kung yuyukod na sila. Pero hindi sila sumunod.

Matapang sila kahit humarap sa kamatayan dahil perpekto ang pagmamahal nila sa Diyos, itinataboy nito ang takot nila. Sa huli, itinapon sila sa hurno na naglalagablab at pitong beses na mas mainit kaysa dati. Pero prinotektahan sila ng Diyos, walang epekto sa katawan nila ang init, ni hindi nasunog ang mga buhok nila. Naipakita nila ang kaluwalhatian ng Diyos, pinahalagahan sila ng mga tao dahil dito.

#### 6) Mga Lalaki ng Gideon, ang batang si David, at si Jehoshafat, ang hari ng Judah.

Sa Mga Hukom 7, parang matatalo sa labanan ang Israel dahil ang mga Midianita ay kasindami ng buhangin sa dalampasigan. Pero sinabi ng Diyos sa hukom na si Gideon na bawasan ang tao na lalaban kasama niya. Sumunod si Gideon sa Diyos, binawasan niya ang mga sasama, at matapang na lumaban tulad ng itinuro ng Diyos. Dahil dito, nagtagumpay siya.

Sa 1 Samuel 17, inilarawan si David noong kabataan niya. Dahil nagtiwala siya sa Diyos, matapang niyang hinarap si Goliat, isang higante sa hukbo ng mga Filisteo. Sa unang pagtirador niya, tinamaan ang Filisteo sa noo. Nag-ayuno at nanalangin din si Jehoshafat, ang hari ng Judah, sa Diyos kasama ang mga kababayan niya nang ang mga hukbo sa mga kalapit na bansa ay lumusob sa kaharian nila sa bahaging timog ng Judah. At bilang pagsunod sa salita ng Diyos, hinirang niya ang mga nagbigay-puri sa Diyos na nakasuot ng banal na kasuotan at pinauna sila sa pagsulong ng hukbo. Malugod na tinanggap ng Diyos ang pagpapakita nila ng pananampalataya, ibinigay sa kanila ang tagumpay (2 Mga Cronica 20).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na kikilos kayo nang may perpektong pagmamahal na nagtatanggal ng takot. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan nito, magkakaroon kayo ng pananampalataya kung saan walang imposible.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

Ang Pag-asa natin para sa Panginoon

# "Masayang-masaya akong makibahagi sa Manmin sa Misyon nila sa Buong Mundo!"



Kapatid Seongkyul Lee, 20 taong gulang, Chiang Rai Manmin Church, Thailand

Noong nasa ika-5 baitang ako, naipadala ang mga magulang ko sa Thailand bilang mga misyonero. Lumipat ang buong pamilya namin doon. Noong una, nanibago ako, pero, bumagay din ako sa bagong kapaligiran namin dahil batid ko na palagi kaming ipinapanalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Nagdurusa sa kahirapan ang mga tao sa Thailand, pero busilak ang mga espiritu nila. Malugod nilang tinanggap ang ebanghelyo ng kabanalan at nagsimulang magbago. Gumaling din sila mula sa mga karamdaman nang idalangin sila ng tatay kong si Pastor Jaewon Lee, gamit ang panyong dinalanginan ni Dr. Lee sa pulong na may panyong nakapagpapagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Mayroon akong dalawang kapatid na lalaki. Tumutulong kami sa ministeryo ng mga magulang namin. Tumutugtog ng gitara ang panganay na kapatid kong sil Seunghun sa pagsamba at siya rin ang lider ng choir. Nakadistino siya bilang sundalo ng hukbo ngayon. Ang sumunod na kapatid ko naman ay lider ng grupong kumakanta sa mga pagsamba, keyboards ang tinutugtog niya. Naglilingkod siya bilang tagasalin sa wikang Ingles sa Indochina Seminar, presidente din siya ng Male Young Adults' Mission.

Bilang miyembro ng Young Adults' Mission, nagsikap akong sumabay sa daloy ng espiritu ng mga miyembro ng malaking iglesya. Mas masigasig ang mga kabataan namin ngayon sa pagsulong. Umaasa sila na makarating sa langit sa pakikibahagi nila sa New Jerusalem Campaign 2018. Tinutupad ko ang mahahalagang tungkulin ko na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng mga panalangin: Sinisimulan ko ang araw ko sa pulong pananalangin sa umaga bago ako pumasok sa kolehiyo at nananalangin ako sa gabi sa pulong panalanging Daniel.

Namumuno din ako sa Papuri at Panalangin tuwing Martes, at nagtuturo sa klase para sa mga Koreano na bukas para sa pagbabahagi ng iglesya ng ebanghelyo sa mga tao. Naglilingkod din ako bilang tagasalin ng mga sermon ng Punong Pastor sa wikang Thai sa mga Pagsamba sa Linggo at Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Ipinagmamalaki ko kapag nakikita kong tinatanggap ng mga tao ang malaking pagpapala mula sa mga sermon ng Punong Pastor, naiiyak ako. Nagpapasalamat ako sa napakahalagang buhay na ibinigay sa akin.

Napupuspos ang puso ko at lumalakas ako kapag naiisip kong nakakatulong ako sa ministeryo ng Punong Pastor na naghahatid sa mga tao mula sa lahat ng mga bansa sa daan patungo sa kaligtasan bago magwakas ang panahon. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos at ang Panginoon.

# "Abot kamay ko na ang pangarap ko ng sundin ko ang Salita ng Diyos!"



Kapatid Jiae Seo, 29 taong gulang, Misyon para sa Kabataan, Manmin Central Church

Noong taong 2006, nagsimula akong magsulong ng buhay bilang isang mananampalataya sa Manmin. Natuto rin ako ng kahulugan ng tunay na pananampalataya sa mga sermon ng Punong Pastor.

Sinimulan kong paghandaan ang pagsusulit para makapasok sa foreign language high school noong nasa ika-9 na baitang ako, sabi ng iba, atrasado na ako. Papasok sana ako sa isang pribadong paaralan kahit sa araw ng Linggo, pero sa iglesya ako pumupunta bilang pagkilala sa espirituwal na kapangyarihan ng Diyos. At isang paraan ito para tumanggap ng mga biyaya. Dumating ang pagkakataon na pagpalain ako ng Diyos na makapasok sa English Department ng Gwacheon Foreign Language High School, ito ang pinakagustong mapasukan ng karamihan.

Bago matapos ang taong 2014, bago ako makatapos ng kolehiyo, nakapasok ako sa Korea Social Enterprise Promotion Agency, nasa ilalim ito ng Ministry of Employment and Labor, nakapasa ako sa pagsusulit at sa panayam dahil idinalangin ako ng Punong Pastor.

Isang araw, habang nagtatrabaho ako, may naganap na kasiyahan sa opisina, sumama ang boss namin. Nagkaroon ng bunutan, kung sino ang nabunot, iinumin niya ang isang basong alak na ibibigay ng boss. Pagkatapos, tatanggap siya ng premyo. Nabunot ang pangalan ko, pero sinabi ko sa boss na hindi ako umiinom ng alak, at hiniling ko na maintindihan niya sana. Nalungkot ako, pero mas magiging malungkot ako kung iinumin ko ang alak kahit batid kong hindi ito ang nais ng Diyos para sa akin. Kahit tumanggi ako, maraming tao sa opisina ang nakaintindi sa akin. Natuwa pa sila. Lahat ng ito ay nangyari dahil sa pagpapala ng Diyos.

Noong bago pa lang ako sa opisina, dumaan ako sa ilang di pagkakaunawaan dahil hindi ako magaling sa pakikipag-usap sa ibang tao. Nangyari ito noong panahong binabasa ko ang libro ng Punong Pastor na *Joseph, the Passage to God's Covenant.* Maraming naituro sa akin ang librong ito lalo na sa trabaho. Dahil sa librong ito, naunawaan ko ang kalagayan ng ibang tao.Tinuruan din ako ng librong ito na gumawa ng tamang ulat ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari at kung paano haharapin ang mga hindi pagkakaunawaan.

Noong taong 2017, tumanggap ako ng parangal mula sa Employment and Labor Minister dahil sa rekomendasyon ng lider ng grupo namin. Nag-aral ako ng wikang Chinese at English sa unibersidad, at ngayon, nag-aaral ako sa graduate school. Nagtatrabaho pa rin ako para mabayaran ang pagpapala ng Panginoon. Nag-aaral pa rin ako ng Japanese. Lahat ng pagpapasalamat ko ay para sa Diyos, niluluwalhati ko Siya, binibigyan Niya ako ng pangarap at pinagpapala Niya ako para makamit ang mga ito.

# "Mahilig akong maglaro ng video games noon, pero nangangaral ako ng ebanghelyo ngayon!"



Kapatid Arnold Zacarias Molina Velasco, 26 taong gulang, Peru Manmin Church


Cristiano ang pamilyang kinabibilangan ko. Binasa ko ang Biblia at nanalangin ako gaya ng itinuro sa akin ng mga magulang ko. Pero hindi ko maintindihan ang pag-ibig at kalooban ng Diyos. Nag-aral akong mabuti, nalugod sa akin ang mga magulang ko. Pero nang mamatay ang nanay ko noong 11 taong gulang ako, napabayaan ko na ang pag-aaral, malaking oras ang ginugol ko sa paglalaro ng video games. At mas malala pa, anim na taon akong hindi nagsimba.

Noong Nobyembre 2008, isinama ako sa Peru Manmin Church ng isang kamag-anak. Nagdala ng pagbabago sa buhay ko ang mga sermon at espirituwal na awtoridad ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Tumigil ako sa paglalaro ng video games. Noong Disyembre 25, lubos ang naging pagbabago ko.

Binabasa ko na ang mga sermon ng Punong Pastor sa website ng iglesya sa wikang Kastila. Binasa ko rin ang mga libro niyang *Ang Mensahe ng Krus* at *Ang Sukat ng Pananampalataya.* Nakakuha ako ng maraming pagpapala sa mga librong ito. Naintindihan ko ang pag-ibig ng Diyos na ipinakita sa pamamagitan ng pangangalaga ng sangkatauhan, ang tungkol sa karunungan ng Diyos na ipinakita sa sakripisyo ng Panginoon, at ang layunin ng buhay ko.

Dumalo na rin ako sa pulong panalanging Daniel. Pinagsisihan ko ang naging buhay ko at humiling ng kapatawaran sa Diyos. Nagboluntaryo ako sa mga gawain ng iglesya at pinagpatuloy ang pakikinig sa mga sermon ng Punong Pastor. Nag-aral ako sa Manmin International Seminary. Pagkatapos, sa loob ng limang taon, tumutulong ako sa pastor ng iglesya namin sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at paghahatid ng kapangyarihan ng Diyos sa maraming lugar sa Peru.

Naidistino si Pastor Hangyeol Kim sa iglesya ko. Tinutulungan ko siya sa paghahanda ng sermon sa wikang Kastila. Naglilingkod din ako bilang presidente ng Young Adults' Mission. Masayang-masaya ako sa Salita ng Diyos at sa pagtupad ng tungkulin na ibinigay Niya sa akin. Gusto kong maihatid ang ebanghelyo ng kabanalan sa Peru at sa mga malalapit na bansa, at hikayatin ang mga tao na manatili sa pagpapala ng Diyos. Nagpapasalamat ako sa Diyos, niluluwalhati ko Siya, binibigyan Niya ako ng tunay na kaligayahan.





## Unang Bahagi: Ang Krus ng Panginoon

1 Tagpo: Panimula – nananalangin ang batang Jesus habang hinihintay at pinaghahandaan ang tamang panahon para tuparin ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan ng mga tao
1 Tagpo: Prelude – Nissi Orchestra
2 Tagpo: People Who Wait for the Messiah
3 Tagpo: Mga taong naghihintay sa Mesyas
4 Tagpo: Ang Pag-ibig ng Panginoon – Natutuwa at nag-aabang ang mga disipulo sa ministeryo ng Panginoon
5 Tagpo: Ang Panalangin ng Panginoon – Mag-isang nananalangin si Jesus sa tabi ng Dagat ng Galilea
6 Tagpo: Ang Ministeryo ng Panginoon – Iwinawagayway ng mga tao ang mga dahon ng palmera bilang pagpapakita ng malugod na pagtanggap sa Kanya
7 Tagpo: Ang Huling Hapunan
8 Tagpo: Ang Daan Patungo sa Krus


4


6


5


7


8






## Pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay 2018

# "Ang Krus ng Panginoon"

**Ang Krus ng Panginoon, isang misteryo na itinago bago pa magsimula ang panahon...
Dahil sa pag-ibig Niya na tumupad sa kalooban ng Diyos para sa kaligtasan, nawa'y mapuno ng kaligayahan at pag-asang makarating sa langit ang mga taong nabubuhay sa panahong malapit ng magwakas!**


9


10


11

## Pangalawang Bahagi: Ang Muling Pagkabuhay ng Panginoon

9 Tagpo: Kamatayan ni Judas Iscariote
10 Tagpo: Mga Nagmamahal sa Panginoon – nalulungkot sina Maria Magdalena at Birheng Maria sa pagkamatay ng Panginoong Jesus
11 Tagpo: Ang Muling Pagkabuhay ng Panginoon
12 Tagpo: Pagtatapos – Pag-akyat ng Panginoon sa Langit


12

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714